

ARALIN 37

1. Sino ang sumulat ng unang limang aklat sa Aklat ng Diyos, ang Bibliya?

-Si Moises.

2. Paano nalaman ni Moises kung ano ang isusulat?

-Pinatnubayan ng Diyos si Moises na isulat ang nais ng Diyos na isulat Niya.

3. Habang naglalakbay ang mga Israelita sa disyerto, paano nila nalaman ang daan?

-Pinatnubayan sila ng Diyos.

4. Saan itinutungo ng Diyos ang mga Israelita?

-Inakay ng Diyos ang mga Israelita patungo sa Canaan, ang lupaing ipinangako Niya sa kanilang ninunong si Abraham.

5. Nang dumating ang mga Israelita sa hangganan ng Canaan, ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gawin?

-Sinabi ng Diyos kay Moises na pumili ng isang tao mula sa bawat isa sa labindalawang tribo upang pumunta at galugarin ang lupain.

6. Bakit ang sampung lalaki na hindi naniniwala sa Diyos ay ayaw pumasok sa Canaan?

-Ang sampung lalaki ay natakot sa mga higante at malalakas na tao na naninirahan sa Canaan.

-Ang sampung lalaki ay hindi naniniwala na ang Diyos ay sapat na makapangyarihan upang talunin ang mga tao ng Canaan.

-Ang sampung lalaki ay hindi naniwala sa pangako ng Diyos na ibibigay sa mga Israelita ang lupain ng Canaan.

7. Bakit gustong pumasok nina Caleb at Josue sa Canaan?

-Sina Caleb at Josue ay hindi natakot sa mga higante at makapangyarihang mga tao na naninirahan sa Canaan.

-Sina Caleb at Josue ay naniwala na ang Diyos ay sapat na makapangyarihan upang talunin ang mga tao ng Canaan.

-Sinabi nina Caleb at Josue sa mga Israelita na dapat silang sumunod sa Diyos at pumasok sa Canaan.

8. Kung hindi tayo naniniwala sa mensahe ng Diyos, ano ang tawag natin sa Diyos?

-Isang sinungaling.

9. Dahil ang mga Israelita ay tumangging maniwala sa Diyos, sino lamang ang papasok sa Canaan?

-Tanging sina Caleb, Josue, at ang mga anak ng mga Israelita.

10. Dahil tumanggi ang mga Israelita na maniwala sa Diyos, paano sila pinarusahan ng Diyos?

-Hindi sila nakapasok sa Canaan.

-Mamamatay silang lahat sa disyerto.

-Dahil ang mga Israelita ay tumangging maniwala sa Diyos, hindi sila nakapasok sa Canaan, ngunit nagpalaboy-laboy sila sa disyerto.

-Nang dumating ang mga Israelita sa Kadesh, walang tubig.

-Ano sa palagay mo ang ginawa ng mga Israelita?

Basahin natin ang Mga Bilang 20:1-5

1-Ang mga anak ni Israel, ang buong kapulungan, ay dumating sa ilang ng Zin nang unang buwan; At ang bayan ay nanatili sa Kadesh. Si Miriam ay namatay, at inilibing doon.

2-At walang tubig na mainom ang kapulungan at sila'y nagpulong laban kina Moises at Aaron.

3-Nakipag-away ang bayan kay Moises at nagsabi, "Sana ay namatay na kami nang mamatay ang aming mga kapatid sa harap ng Panginoon!

4-Bakit ninyo dinala ang kapulungan ng Panginoon sa ilang na ito upang kami at ang aming mga hayop ay mamatay dito?

5-At bakit ninyo kami pinaahon mula sa Ehipto upang dalhin kami sa masamang lugar na ito? Hindi ito lugar na bukirin, o ng igos, o ng ubasan, o ng mga granada; at dito'y walang tubig na mainom."

-Nang walang tubig ang mga Israelita, naniwala ba sila sa Diyos na magbibigay sa kanila ng tubig?

-Hindi.

-Ano ang ginawa ng mga Israelita?

-Sinisi nila sina Moises at Aaron.

-Ano ang dapat na ginawa ng mga Israelita noong wala silang tubig?

-Dapat hiniling nila sa Diyos na bigyan sila ng tubig.

-Noon, binigyan sila ng Diyos ng tubig mula sa bato.

-Bakit hindi hiniling ng mga Israelita sa Diyos na bigyan sila ng tubig?

-Dahil hindi sila naniniwala sa Diyos.

-Sa ngayon, maraming tao ang katulad ng mga Israelita.

-Kahit na ang Diyos ay nagbibigay ng ulan at nagpapatubo ng mais, marami pa rin ang hindi naniniwala sa Kanya.

-Ano ang ginawa nina Moises at Aaron noong walang tubig?

Basahin natin Mga Bilang 20:6

6-Sina Moises at Aaron ay umalis sa harap ng kapulungan at nagtungo sa pintuan ng toldang tipanan at nagpatirapa. Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nagpakita sa kanila.

-Si Moises at Aaron ay naniwala sa Diyos.

-Hiniling nina Moises at Aaron sa Diyos na bigyan sila ng tubig.

-Nakapagbigay ba sina Moises at Aaron ng tubig sa mga Israelita?

-Hindi.

-Bakit hindi nabigyan nina Moises at Aaron ng tubig ang mga Israelita?

-Dahil sila ay nasa disyerto.

-Kung hindi bibigyan ng Diyos ng tubig ang mga Israelita, ano ang mangyayari?

-Lahat ng mga Israelita ay mamamatay.

-Binigyan ba ng Diyos ng tubig ang mga Israelita?

Basahin natin ang Mga Bilang 20:7-8

7-Nagsalita ang Panginoon kay Moises, na sinasabi,

8-“Kunin mo ang tungkod at tipunin mo ang kapulungan, ikaw at ang kapatid mong si Aaron, at magsalita kayo sa bato sa harapan nila upang magbigay ito ng kanyang tubig. Sa gayon ka maglalabas ng tubig para sa kanila mula sa bato; gayon ka magbibigay ng inumin para sa kapulungan at sa kanilang mga hayop.”

-Dahil mahal ng Diyos ang mga Israelita, binigyan Niya sila ng tubig.

-Ano ang iniutos ng Diyos kay Moises na gawin upang makakuha ng tubig?

-Inutusan ng Diyos si Moises na magsalita sa isang bato.

-Noong nakaraan nang ang mga Israelita ay nangangailangan ng tubig, inutusan ng Diyos si Moises na hampasin ang bato.

-Ngayon, inutusan ng Diyos si Moises na magsalita sa bato.

-Ano ang ginawa ni Moises?

Basahin natin Mga Bilang 20:9-11

9-At kinuha ni Moises ang tungkod sa harap ng Panginoon, na gaya ng iniutos sa kanya.

10-Tinipon nina Moises at Aaron ang kapulungan sa harap ng malaking bato, at kanyang sinabi sa kanila, “Makinig kayo ngayon, mga mapaghimagsik! Ikukuha ba namin kayo ng tubig sa malaking batong ito?”

11-Itinaas ni Moises ang kanyang kamay at dalawang ulit na hinampas ng kanyang tungkod ang malaking bato at ang tubig ay lumabas na sagana, at uminom ang kapulungan at ang kanilang mga hayop.

-Nagsalita ba si Moises sa bato?

-Hindi.

-Ano ang ginawa ni Moises?

-Dalawang beses niyang hinampas ang bato.

-Bakit hinampas ni Moises ang bato?

-Dahil nagalit siya sa mga Israelita.

-Si Moises ba ay sumuway sa Diyos?

-Oo.

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises at Aaron?

Basahin natin ang Bilang 20:12

12-Sinabi ng Panginoon kina Moises at Aaron, “Sapagkat hindi kayo sumampalataya sa akin upang ipakita ang aking kabanalan sa paningin ng mga anak ni Israel, kaya’t hindi ninyo dadalhin ang kapulungang ito sa lupain na aking ibinigay sa kanila.”

-Dahil hindi sumunod sina Moises at Aaron, pinarusahan ba sila ng Diyos?

-Oo.

-Paano pinarusahan ng Diyos sina Moises at Aaron?

-Sinabi sa kanila ng Diyos na hindi sila makakapasok sa lupain ng Canaan.

-Nang dumating ang oras na mamatay si Aaron, sinabi ng Diyos kay Moises na dalhin si Aaron sa tuktok ng isang malapit na bundok.

Basahin natin Mga Bilang 20:23-25 & 28

23-At sinabi ng Panginoon kina Moises at Aaron sa bundok ng Hor, sa hangganan ng lupain ng Edom,

24-“Si Aaron ay ititipon sa kanyang bayan. Siya’y hindi papasok sa lupain na aking ibinigay sa mga anak ni Israel, sapagkat kayo’y naghimagsik laban sa aking utos sa tubig ng Meriba.

25-Dalhin mo sina Aaron at Eleazar na kanyang anak sa bundok ng Hor.”

28-Hinubaran ni Moises si Aaron ng kanyang mga kasuotan at isinuot kay Eleazar na kanyang anak. Namatay si Aaron doon sa tuktok ng bundok at sina Moises at Eleazar ay bumaba sa bundok.

-Sa tuktok ng bundok, namatay si Aaron.

-Nakapasok ba si Aaron sa lupain ng Canaan?

-Hindi.

-Bakit hindi?

-Dahil sinuway ni Aaron ang Diyos.

- Tinupad ba ng Diyos ang Kanyang Salita?

-Oo.

-Laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita.

-Sino ang pumalit kay Aaron bilang punong saserdote?

-Anak ni Aaron, si Eleazar.

-Pagkatapos noon, muling nagreklamo ang mga Israelita.

Basahin natin Mga Bilang 21:4-5

4-Sila’y naglakbay mula sa bundok ng Hor patungo sa Dagat na Pula upang umikot sa lupain ng Edom; At ang damdamin ng mga tao ay nainip sa daan.

5-Ang bayan ay nagsalita laban sa Diyos at laban kay Moises, “Bakit ninyo kami iniahon mula sa Ehipto, upang mamatay sa ilang? Sapagkat walang pagkain at walang tubig at ang kaluluwa namin ay nasusuya na sa walang kuwentang pagkaing ito.”

-Kahit na binigyan ng Diyos ng tubig ang mga Israelita, patuloy na nagrereklamo ang mga Israelita.

-Dahil ang mga Israelita ay patuloy na nagreklamo, ano ang ginawa ng Diyos sa kanila?

Basahin natin Mga Bilang 21:6

6-Pagkatapos, ang Panginoon ay nagsugo ng mga makamandag na ahas sa mga taong-bayan, at tinuklaw ng mga ito ang mga tao, kaya’t marami sa Israel ang namatay.

-Pinarusahan ng Diyos ang mga Israelita sa pamamagitan ng pagpapadala ng maraming makamandag na ahas sa kanila.

-Ang mga makamandag na ahas ay nasa lahat ng dako.

-Marami sa mga Israelita ang nakagat ng mga ahas at namatay.

-Paanong ang kasalanan ay katulad ng mga ahas?

-Tulad ng mga ahas na kinagat ang mga Israelita at sila ay namatay, gayon din ang kasalanan ay kumagat sa mga tao at sila ay namamatay.

-Nakatakas ba ang mga Israelita sa mga makamandag na ahas?

-Hindi.

-Bakit hindi?

-Dahil ang mga makamandag na ahas ay nasa lahat ng dako.

-Kapag nagpasya ang Diyos na parusahan ang mga taong hindi naniniwala sa Kanya, walang lugar para makatakas sila.

-Sa mga araw ni Noe, mayroon bang lugar na maaaring pagtakasan ng mga tao na nasa labas ng bangka?

-Wala.

-Sa mga araw ng Sodoma at Gomorra, mayroon bang lugar na maaaring pagtakasan ng mga tao na nasa loob ng mga lungsod?

-Wala.

-Mayroon bang lugar na maaaring pagtakasan ang asawa ni Lot nang lingunin niya ang Sodoma at Gomorra?

-Wala.

-Kapag nagpasya ang Diyos na parusahan ang mga taong hindi

naniniwala sa Diyos, walang lugar para makatakas sila.

-Nang maraming Israelita ang namatay, ano ang ginawa ng iba pang mga Israelita?

Basahin natin Mga Bilang 21:7

7-Ang bayan ay pumunta kay Moises at nagsabi, “Kami ay nagkasala, sapagkat kami ay nagsalita laban sa Panginoon at laban sa iyo. Idalangin mo sa Panginoon, na kanyang alisin sa amin ang mga ahas.” At idinalangin ni Moises ang bayan.

-Inamin ba ng mga Israelita ang kanilang kasalanan?

-Oo.

-Hiniling ba ng mga Israelita kay Moises at sa Diyos na tulungan sila?

-Oo.

-Nailigtas ba ng mga Israelita ang kanilang sarili mula sa mga ahas?

-Hindi.

-Nailigtas ba ni Moises ang mga Israelita mula sa mga ahas?

-Hindi.

-Sino ang tangi at nag-i-Isa na nakapagligtas sa mga Israelita mula sa mga ahas?

-Ang Diyos.

-Tinulungan ba ng Diyos ang mga Israelita?

Basahin natin ang Mga Bilang 21:8-9a

8-At sinabi ng Panginoon kay Moises, “Gumawa ka ng isang makamandag na ahas at ipatong mo sa isang tikin, at bawat taong nakagat ay mabubuhay kapag tumingin doon.”

9-Kaya’t si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin.

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gawin upang iligtas ang mga Israelita?

-Gumawa ng ahas mula sa tanso, at ilagay ito sa isang tikin.

-Kung ang mga Israelita ay maliligtas mula sa kamatayan, ano ang dapat nilang gawin?

-Tingnan mo ang tansong ahas sa tikin.

Basahin natin ang Bilang 21:9b

9-At kapag may nakagat ng ahas, at tumingin ang taong iyon sa ahas na tanso ay nabubuhay.

-Nabuhay ba ang mga Israelita na tumingin sa tansong ahas sa tikin?

-Oo.

-Kung ang mga Israelita ay nanalangin ngunit hindi tumingin sa ahas, ililigtas ba sila ng Diyos?

-Hindi.

-Kung ang mga Israelita ay nag-alay ng hain sa Diyos subalit hindi

tumingin sa ahas, ililigtas ba sila ng Diyos?

-Hindi.

-Upang maligtas, ang mga Israelita ay kailangang sumunod lamang sa sinabi ng Diyos.

-Upang maligtas, ang mga Israelita ay kailangang sumunod lamang sa kaparaanan ng Diyos.

-Upang maligtas, ang mga Israelita ay kinailangan lamang na tumingin sa ahas sa tikin.

-May kapangyarihan ba ang tansong ahas na iligtas ang mga Israelita?

-Wala.

-Sino lamang ang may kapangyarihang iligtas ang mga Israelita?

-Ang Diyos.

-Iniligtas ng Diyos ang lahat ng mga Israelita na tumingin sa tansong ahas sa tikin.

-Ang kasalanan ba ng mga Israelita ay nangangailangan ng kamatayan?

-Oo.

-Kahit na ang kasalanan ng mga Israelita ay nangangailangan ng kamatayan, ano ang ginawa ng Diyos para sa mga taong tumingin sa ahas?

-Iniligtas sila ng Diyos.